

## Paano magsumite ng Reklamo:

Sinumang tao, organisasyon, o pampublikong ahensya ay maaaring magpadala ng liham, mag-fax, o mag-email ng nakasulat at nilagdaang reklamong UCP sa:

**Binh Nguyen, Director**  
**Office of Student Civil Rights**  
**Los Angeles Unified School District**  
**333 South Beaudry Avenue – 18th Floor**  
**Los Angeles, CA 90017**  
**Fax: (213) 241-3312**  
**Email: [EquityCompliance@lausd.net](mailto:EquityCompliance@lausd.net)**

Ang sinumang taong may kapansanan o hindi makapaghandang nakasulat na reklamo ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa tagapangasiwa ng/nakatalaga sa site o sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Estudyante (Office of Student Civil Rights) sa (213) 241-7682.

Sinisigurado ng Distrito ang pagiging kumpidensyal sa pinakaposisibleng antas na makakaya nito. Ang mga nagrereklamo ay protektado mula sa paghihiganti. Pinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti sa sinumang maghahain ng reklamo o sumali sa proseso ng pag-iimbestiga ng reklamo.

Ayon sa E.C. §262.3. ang mga Magrereklamo ay pinapayuhan ng mga remedyo sa batas sibil, kabilang ngunit hindi limitado sa, mga utos, mga kautusang pagpigil o iba pang mga remedyo/mga utos na maaring makuha sa ilalim ng pagpapasya ng estado o pederal, panliligalig, pananakot o pang-aaping mga batas kung naaangkop.

Ang kopya ng Patakaran ng Distrito ng UCP at mga pamamaraan sa pagrereklamo ay maaaring makuha nang libre.

Para sa mga katanungang may kaugnayan sa UCP, makipag-ugnayan kay Dr. Joseph Green, Administrative Coordinator, sa (213) 241-7682.

## Imbestigasyon sa Reklamo at Katugunan:

Bawat reklamo ay iniimbestigahan ng naaangkop na tanggapan na may kaalaman tungkol sa mga karampatang batas, programa, at pagsunod ayon sa mga patakaran/pamamaraan ng UCP. Ang imbestigasyon at tugon ng Distrito ay:

1. Nagbibigay ng pagkakataon para sa nagrereklamo at/o isang nararapat na awtorisadong kinatawan at mga tauhan ng Distrito na maglahad ng impormasyong nauugnay sa reklamo;
2. Makakukuha ng mga kaugnay na impormasyon mula sa ibang mga tao o mga saksi na maaaring makapagbibigay ng ebidensya
3. Sumuri sa mga dokumentong may kaugnayan
4. Nagrerresulta sa isang nakasulat na ulat ng imbestigasyon sa Ingles o sa pangunahing wika ng nagrereklamo sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagkakatanggap ng nakasulat na reklamo (maliban kung pasulat na sumang-ayon ang nagrereklamo na pahabain ang timeline ng imbestigasyon) kabilang ang mga natuklasan at kongklusyon para sa bawat alegasyon batay sa ebidensyang nakalap, mga pangwastong aksyon, kung naaangkop; at
5. Nagbibigay ng abiso ng mga karapatan at pamamaraan sa apela.

## Paano Umapela:

Maaaring i-apela ng mga nagrereklamo ang mga desisyon/napag-alaman ng distrito tungkol sa mga programa at aktibidad na napapailalim sa UCP ng Estado sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na apela sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng ulat ng imbestigasyon ng Distrito. Dapat ipaliwanag sa apela ang batayan sa pag-aapela ng desisyon at isama ang kopya ng orihinal na reklamo at ulat ng imbestigasyon ng Distrito. Dapat ipadala ang apela sa:

**California Department of Education**  
**1430 N Street**  
**Sacramento, CA 95814**  
**<http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc>**

**Magsisimula ang 60-araw na timeline para sa pagsisiyasat at pagtugon ng Distrito kapag natanggap ng Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Estudyante (Office of Student Civil Rights) ang nakasulat na reklamo.**



**OFFICE OF STUDENT CIVIL RIGHTS**

# UNIFORM COMPLAINT PROCEDURES (UCP)

**LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT**  
**OFFICE OF THE GENERAL COUNSEL**

## Bakit ang pulyetos na ito?

Taunang abiso ito sa lahat ng stakeholder na ang Distrito ay ang may pangunahing pananagutan upang matiyak ang pagsunod sa mga angkop na batas at regulasyong pang-estado at pampederal, at iimbestigahan ang mga reklamong nag-aakusa ng hindi pagsunod sa, ngunit hindi limitado sa mga alegasyon ng labag sa batas na diskriminasyon, panliligalig, pananakot o pambu-bully laban sa anumang protektadong grupo o hindi pagsunod sa mga batas na nauugnay sa lahat ng programa at aktibidad na sumasailalim sa UCP na binanggit sa brochure na ito. Susubukan ng Distrito na ayusin ang mga reklamo alinsunod sa mga pamamaraan ng California Code of Regulations §§4600-4694 at mga patakaran/pamamaraan ng Distrito, kabilang ang pagganti para sa pagsali sa proseso ng UCP at/o sa mga pag-apela sa ulat ng imbestigasyon ng Distrito may kaugnayan sa gayong mga reklamo.

Ang pamantayan ng abiso tungkol sa karapatang edukasyonal at mga proseso ng reklamo para sa mga mag-aaral na nasa bahay ampunan, mga mag-aaral na walang tirahan, mga kabataang mag-aaral na nagkakaso sa korte na ngayon ay naka-enrol sa distrito at mga mag-aaral na nasa isang militar na pamilya ay nakapaskil sa nakatakdang Education Codes (EC) §§48645.7, 48853, 48853.5, 49069.5, 51225.1 at 51225.2.

## Sakop Ng Mga Protektadong Grupo:

Ang mga paratang na ilegal na diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pananakot, o pang-aapi (bullying) sa mga estudyante batay sa mga protektadong grupo, na itinakda sa Kodigo Penal §422.55, EC §§200, 220, at Kodigo ng Pamahalaan §11135, ay kinabibilangan ng aktwal na o kinikilalang (perceived) kasarian, oryentasyong sekswal, kasarian, katauhang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, lahi o etnisidad, pagkakakilanlan ng pangkat etniko (ethnic group identification), angkan pinagmulan, nasyonalidad, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon, relihiyon, kulay, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, edad, o batay sa pagkakaugnay ng isang indibidwal sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa aktuwal na o kinikilalang mga katangiang ito, sa anumang programa o aktibidad na isinasagawa ng Distrito, na direktang pinopondohan, kung saan nagbibigay ito ng malaking tulong, o tumatanggap o nakikinabang mula sa anumang tulong pinansyal ng estado o pakikisapi sa Mga Boy Scout ng Amerika (Boy Scouts of America) at iba pang itinalagang grupo ng kabataan o anumang iba pang batayang protektado ng batas o regulasyon, sa (mga) programang pang-edukasyon) o trabaho nito. Dapat ihain ang mga reklamong ito sa loob ng anim na buwan mula sa petsa kung kailan nangyari ang diumanong insidente o noong unang nakuha ang mga impormasyon tungkol sa diumanong insidente. Kung hindi man, dapat ihain ang mga reklamo nang hindi lalampas sa isang taon pagkatapos ng diumanong paglabag.

## Hurisdiksiyon ng UCP:

- Edukasyon ng adulto (§§8500-8538, 52334.7, 52500-52617)
- Edukasyon at kaligtasan pagkatapos ng pag-aaral (§§8482-8484.65)
- Teknikal na edukasyon sa pang-agrikulturang career (§§52460-52462)
- Kaukulang bayad na edukasyon (§54400)
- Mga pinagsamang programa ng nakakategoryang tulong [34 CFR §§299.10-12, §64000(a)]
- Edukasyon ng nandarayuhang bata (§§54440-54445)
- Career technical at technical na edukasyon at career technical at mga technical training na programa (§§52300-52462)
- Mga progamang pangangalaga sa bata at pagpapasulung (§§ 8200-8498)
- Batas na Every Student Succeeds (20 United States Code §6301 et seq.; EC §52059)
- Diskriminasyon, panliligalig, pananakot o pambu-bully ng mga protektadong grupo sa ilalim ng §§200, 220 at §11135 ng Kodigo ng Pamahalaan, kabilang ang aktuwal o ipinagpapalagay na mga katangiang itinakda sa §422.55 ng Kodigo Penal, o sa batayan ng pakikipag-ugnayan ng isang tao sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o ipinagpapalagay na mga katangiang ito, sa anumang programa o aktibidad na ginagawa ng institusyong pang-edukasyon, tulad ng tinutukoy sa §210.3, na direktang pinopondohan ng, o tumatanggap o nakikinabang sa, anumang tulong pinansyal ng estado. (nauugnay sa empleyado sa mag-aaral, mag-aaral sa mag-aaral, mag-aaral sa empleyado, ikatlong partido sa mag-aaral, empleyado sa ikatlong partido)
- Mga kaayusan para sa mga buntis at nagpapalaki ng anak na mag-aaral, kabilang ang mga makatuwirang kaayusan para sa mga nagpapasusong mag-aaral (§§46015, 222)
- Mga karapatang pang-edukasyon at pagtatapos sa pag-aaral ng foster youth, walang tahananang kabataan, at iba pang kabataan (hal., dating mga mag-aaral sa paaralan ng juvenile court, mga mag-aaral mula sa mga pamilyang militar, mga bagong dating at nadarayuhang estudyante ng edukasyon) (§§48645.7, 48853, 48853.5, 49069.5, 51225.1, 51225.2)
- Mga Bayad ng Mag-aaral (§§49010-49013)
- Mga yugto ng mga kurso nang walang pang-edukasyong nilalaman (§§51228.1-51228.3)
- Mga instruksiyunal na minuto ng pisikal na edukasyon (§51223)
- Mga plano ng lokal na kontrol at pananagutan (Local control and accountability plans o LCAP) (§52075)
- Mga occupational center at programang panrehiyon (§§52300-52334.7)
- Mga plano ng paaralan para sa nakakamit ng mag-aaral (§64001)
- -Mga konseho ng lugar ng paaralan (§65000)
- -Mga plano ng kaligtasan sa paaralan (§§32280-32289)
- -Mga preschool ng estado (§§8235-8239.1)

- Mga kakulangang nauugnay sa kalusugan ng preschool at mga isyu ng kaligtasan para sa programa sa preschool ng estado ng California na hindi kasama sa paglilisensya (5 CCR §1596.7925, EC §8235.5); batay sa mga pampublikong abiso na naka-post para sa mga angkop na silid-aralan. Makakakuha ng mga form ng reklamo sa mga paaralang iyon o sa [achieve.lausd.net/eeco](http://achieve.lausd.net/eeco).
- Anumang iba pang pang-estado o pampederal na programang pang-edukasyon na ipinagpapalagay na naangkop ng State Superintendent of Public Instruction o itinalaga

Ang isang estudyante na kabilang sa isang ekuwelahan sa Distrito ay hindi kinakailangang magbayad ng singil para sa mga esudyante na sasali sa isang edukasyonal na aktibidad. Ang mga singil sa estudyante ay mga singil na hinihingi bilang kundisyon sa pagrehistro sa paaralan o sa mga kurso, o bilang isang kundisyon sa pagsali sa isang klase o aktibidad na ekstrakurikular, hindi alintana kung ang klase o aktibidad ay elektibo o sapilitan o para sa kredito; isang deposito ng seguridad, o iba pang bayad, na kinakailangan ng estdyante upang makakuha ng kandado, laker, libro, mga aparato para sa klase, instrumentong pangmusika, mga damit, o iba pang mga materyales o kagamitan; isang pagbili na kinakailangang gawin ng isang estudyante upang makakuha ng mga materyales, mga gamit, kagamitan, o mga damit na nauugnay sa gawaing pang-edukasyon. Ang isang reklamo tungkol sa singil sa estudyante ang maaaring isampa sa prinsipal ng paaralan, sa Superintendente o sa hinirang.

Ang reklamo ay maaaring isampa ng walang pagkakakilanlan kung ito ay makapagbibigay ng ebidensya o impormasyon na humahantong sa katibayan sa ebidensya bilang suporta sa alegasyon ng hindi pagsunod, kabilang ang singil sa estudyante at mga reklamong LCAP.

Ang Distrito ay susubukan nang may mabuting pananampalataya upang makagawa ng makatuwirang mga pagsisikap upang makilala at ganap na bayaran ang lahat ng mga mag-aaral, mga magulang/mga tagapag-alaga na nagbayad ng singil sa estudyante, sa loob ng isang taon bago maisampa ang reklamo.

Kung may napanatunayang may merito ang reklamo, isang remedyo ang ipagkakaloob sa apektadong estudyante sa mga kasong patungkol sa mga peryodiko ng kurso na walang edukasyonal na nilalaman, makatuwirang kaluwagan sa isang estudyanteng naggagatas, edukasyon ng mga estudyante sa bahay-ampunan, mga estudyanteng walang tahanan, mga kabataang mag-aaral na nagkakaso sa korte na ngayon ay kabilang sa paaralan ng ating distrito at/o mga mag-aaral na nasa isang pamilya ng militar; isang remedyo ang ibibigay sa lahat ng mga apektadong mga estudyante at mga magulang/ mga tagapag-alaga sa mga kasong may kinalaman sa singil sa estudyante, mga minuto sa pagtuturo ng edukasyong pisikal at/o mga LCAP.